Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-5 NG SETYEMBRE, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-3:05 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............... | PANG PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ............... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 205-T'2001

*KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. LEONARDO Q. MONTEMAYOR, KALIHIM, KAGAWARAN NG PAGSASAKA, SA PAMAMAGITAN NG KGG. EFREN C. NUESTRO, D. V. M. EXECUTIVE DIRECTOR, NATIONAL MEAT INSPECTION COMMISSION (NMIC) NA MAPAGKALOOBAN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG TULONG PINANSIYAL NA NAGKAKAHALAGA NG APAT NA MILYONG PISO (P4M) PARA SA PAGPAPATAYO NG CLASS AAA. SLAUGHTER HOUSE SA BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T,* pangunahin sa mga layunin ng pamahalaang nasyunal ay ang pakikibaka sa kahirapan na maisasagawa sa pamamagitan ng mga makabagong pamamaraan at kaisipan sa pagsasaka;

*SAPAGKA'T,* ang pagtatayo ng makabagong katayan ng mga hayop sa buong kapuluan ay isang programa ng AFMA LAW RA 8435 na isinasakatuparan ng Kagawaran ng Pagsasaka, sa pakikipag-ugnayan sa mga pamahalaang lokal;

*SAPAGKA'T,* ang bayan ng Santa Cruz ay sentro ng kalakalan sa Lalawigan ng Laguna;

*SAPAGKA'T,* kinakailangan ang pagpapatayo ng makabagong katayan ng mga hayop sa bayang ito dahilan sa ang kasalukuyang katayan ng mga hayop ay hindi naaangkop sa mga panuntunang ipinatutupad ng NMIC;

*SAPAGKA'T,* dumarami araw-araw ang bilang ng kinakatay na mga baka at baboy;

*SAPAGKA'T,* ang kasalukuyang estrakturang ginagamit na katayan ng mga hayop ay marami nang sira dahilan sa ito ay naitayo noon pang taong 1957;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na mapitagang hilingin sa Kgg. Leonardo Q. Montemayor, Kalihim, Kagawaran ng Pagsasaka, sa pamamagitan ng Kgg. Efren C. Nuestro, D.V.M. Executive Director, National Meat Inspection Commission (NMIC) na mapagkalooban ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng tulong pinansiyal na nagkakahalaga ng P4M para sa pagpapatayo ng Class AAA. Slaughter house sa bayang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Kgg. Leonardo Montemayor, Kalihim, Kagawaran ng Pagsasaka, Kgg. Efren C. Nuestro, D.V.M. Executive Director, National Meat Inspection Commission (NMIC) at Kgg. Rodolfo San Luis, Kinatawan ng ika-4 na Distrito ng Laguna, para sa kaniiang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan